Napakatayog at Napakatatag Niyang Tumayo

Author Unknown

Salin sa Tagalog ng “He Stood So Tall and Strong”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Napakatayog at Napakatatag Niyang Tumayo

Nawawala! Iyan ang unang balita. Halos hindi makapaniwala si Ernie Gross nang marinig niya ito. Ayaw tanggapin ng kanyang isip ang balita: nawawala si Ron sa Nigeria! Ibinaba niya ang telepono.

Agad siyang pinaulanan ng tanong ng kanyang asawang si Virginia. Sinikap niyang sumagot, pero kakaunti ang detalye. Galing ang tawag kay Bob Fisher sa Bluefield, West Virginia. Nakatanggap siya ng balita mula sa anak niyang misyonera, si Joy Ann, sa Iyale, Nigeria. Ayon sa balita, pumunta sina Dr. Kenneth Dick, Joan Rycroft at isang Nigerian sa Lagos para salubungin si Ron pagdating niya. Umalis sila sa Lagos pabalik sa misyon sa Iyale. Dalawang linggo na ang nakalipas mula noon. Wala nang narinig tungkol sa kanila mula noon. Naghahanap na sina Spencer Dibble at Joy Ann sa daang dinaanan nila at patuloy pa silang maghahanap. Iyon lang.

Pinag-usapan nina Ernie at Virginia ang mga posibilidad. May gumawa kaya sa kanila ng masama—mga tulisan o magnanakaw sa daan? O naaksidente kaya? O baka sinubukan nina Dr. Dick na magpadala ng balita pero hindi lang ito nakarating? At ganoon sila nagpabalik-balik sa pagitan ng dalamhati at pag-asa.

Sumunod ang masigasig na pagsisikap na makontak nang direkta ang Lagos. Hindi umubra ang telepono. May nagmungkahi ng Wycliffe Bible Translators. Handa silang tumulong pero nahahadlangan ng mga patakaran

ng Nigeria. Ang U.S. State Department ang tila pinakamabuting mapagkukunan ng balita.

Sa ikatlong araw mula sa unang balita, naglaho ang huling hibla ng pag-asa. Nagpadala ng balita ang State Department na natagpuan ang Volkswagen microbus sa isang ilog, naipit sa ilalim ng isang tulay, at nasa loob ang apat na bangkay.

Para kina Ernie at Virginia, parang hindi kapani-paniwala ang lahat. Pumunta si Dr. Kenneth Dick sa Nigeria noong 1961 kasama ang asawa niyang si Norma. Pito ang kanilang anak. Siya lang ang doktor para sa mahigit kalahating milyong tao, at madalas siyang gumagamot ng 800 pasyente sa isang araw.

Si Joan Rycroft, taga-Toronto, Canada, ay nagtapos sa Emmaus Bible School noong 1969. Nakarating siya sa Nigeria noong Agosto 1970. Ngayon, tatlong buwan pa lang, biglang natapos ang kanyang paglilingkod.

Wala nang alam ang mag-asawang Gross tungkol sa Nigerian, pero lalo lang nitong pinaigting ang kanilang malasakit sa pamilya niya. Nang maglaon nalaman nila na nanganak ang kanyang asawa ng kanilang panganay noong mismong gabi ng kanyang kamatayan. Madalas siyang kinausap ni Dr. Dick tungkol sa Tagapagligtas.

Ang sarili nilang anak na si Ron, matapos ang maraming taon ng malalim na pagmamalasakit at pananalangin, ay lumapag sa Lagos noong Oktubre 19 para tumulong sa pagtatayo ng mga pasilidad ng ospital sa Iyale at, nang maglaon, ng isang paaralan. Ginugol niya ang mga sumunod na araw sa Lagos kasama sina Dr. Dick, inaasikaso ang iba't ibang bagay. Pagkatapos, noong ika-24, umalis sila papunta sa misyon nang alas-2 ng madaling-araw, sabik na maabutan ang huling ferry

patawid ng Ilog Niger. Gaya ni Borden ng Yale, iniuwi si Ron sa Langit bago pa niya narating ang lugar na pinakananais ng kanyang puso.

Naglilingkod sa Panginoon sina Ernest at Virginia Gross sa Greensboro, North Carolina, nang ipanganak ang pangalawa nilang anak na si Ron noong 1943. Mula pa sa simula, masayahin at walang inaalalang bata siya. Kabaligtaran naman ang kuya niyang si Kenn, na tatlong taon ang tanda, na napakaseryoso.

Nang limang taon na si Ron, lumipat na ang pamilya sa Greer, South Carolina. Nag-aalala si Kenn na hindi pa rin kilala ng kapatid niya ang Panginoon. Kaya isang araw sa hardin, idiniin niya kay Ron na kailangan niyang ituwid ang kanyang buhay sa harap ng Panginoon. Sa pamamagitan ng "ebanghelyo sa maikling salita" humantong si Ron sa pagpapasya.

Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Juan 3:16

Pumasok siya sa bahay at sinabi sa mga magulang niya na siya'y naligtas na. Sa mga sumunod na taon, hindi kailanman nag-alinlangan siya o sila na iyon ang panahon ng kanyang espirituwal na kapanganakan.

Sa buong panahon ng kanyang pag-aaral, dala-dala niya ang kanyang Biblia o Bagong Tipan bilang bahagi ng kanyang patotoo bilang Cristiano. Pero nagpakita rin siya ng tunay na personal na malasakit sa espirituwal na kalagayan ng mga kaklase niya. Halatang hinuhubog ng Diyos ang isang sisidlang gagamitin para sa Kanyang kaluwalhatian.

Pagkatapos ng high school, nag-enroll si Ron sa Emmaus Bible School sa Oak Park, Illinois. Walang duda na nasa gawain ng Panginoon ang kanyang puso, at buong tatag siyang sumulong patungo sa layuning iyon. Natagpuan niya ang masaganang buhay kay Cristo at sabik siyang matagpuan din ito ng iba. Kung may personal man siyang awit, ito iyon: "Sapagka't sa ganang akin ang mabuhay ay si Cristo, at ang mamatay ay pakinabang" (Filipos 1:21).

Noong mga taon niya sa Emmaus, may mapagpalang gawa ang Espiritu Santo sa ilan sa mga estudyante tungkol sa pagiging alagad ni Cristo. Kasama rito ang pasyang mamuhay nang may pagsasakripisyo para lumaganap ang ebanghelyo. May mga prayer meeting sa dormitoryo ng mga lalaki tuwing tanghalian. May buwanang magdamagang prayer meeting sa library. May mga gospel crusade sa Mexico tuwing bakasyon ng Pasko at, tuwing tag-araw, mga crusade sa Europa.

Malalim ang naging epekto ng kilusang ito kay Ron. Ang matindi niyang hangarin ay talikuran ang mga materyal na bagay upang hindi mapahamak ang mga tao dahil sa kawalan ng ebanghelyo. Tumagos nang malalim sa kanyang kaluluwa ang mga salita ng tulang ito:

Higit pa sa kaya kong isuot ang nasa akin,
Sila nama'y hubad ang paa, kamay at ulo;
Higit pa sa kaya kong kainin ang nasa akin,
Sila nama'y namamatay sa gutom sa lansangan;
Ang buhay ko'y nakakikilala ng pag-ibig ng mararangal na kaluluwa,
Ang puso nila'y uhaw, mga mangkok na walang laman;
Sinasamba ko si Jesus, ang Panginoong muling nabuhay,

Pero sila'y hindi pa kailanman nakarinig ng Kanyang Salita.
Ang mga bagay na ito'y ipaalala sa akin
Tuwing muling sumisigaw ang mga nangangailangan.

Pero hindi makasabay ang kanyang katawan sa bumubulwak na alon ng kanyang kaluluwa. Tila palagi siyang nahahadlangan ng mga allergy. Sa katunayan, allergic siya sa tatlumpu't tatlong iba't ibang bagay, kasama ang mga produktong gatas, tsokolate, karne at trigo. Madalas noong mga araw na iyon ay nananabik siyang sumama sa mga team kapag umaalis sila papuntang Mexico o ibang bansa. Pero nandiyan ang kanyang kapansanan para pigilan siya.

Kasabay nito ang malalim na pakiramdam na kulang siya. Ipinapakita ng kanyang mga madamdaming sulat-kamay ang paghihirap ng kaluluwang tiniis niya.

Kapag ako'y nasa posisyon ng pamumuno,
Dapat kong hingin ang paggalang sa aking posisyon.
Dapat kong pagsikapang makamit ang paggalang sa aking pagkatao.
Nabigo ako sa dalawa.

Pero hindi bilang isang bigo siya naaalala ng mga kaklase niya, kundi bilang isang kaibigang natutuwang magpakita ng kabaitan sa iba.

Hindi niya ikinakandado ang kuwarto niya sa paaralan at ipinaalam niya sa lahat na sinumang nangangailangan ng barya (pantawag sa telepono o pambili ng Coke o kahit anong dahilan) ay malayang pumasok sa kuwarto niya at manghiram mula sa malaki niyang garapon ng barya.

Tuwing alam niyang iinspeksyunin ng maintenance department ang mga kuwarto ng mga lalaki, pupuntahan niya ang bawat kuwarto, itatapon ang laman ng mga basurahan at aayusin ang mga kama. Ginagawa niya ito nang tahimik at mapagpakumbaba, at hindi kailanman naghanap ng papuri para sa sarili.

Gaano man siya kaabala, lagi siyang handang gupitan ang sinumang kasamang nagpapagupit, at laging maluwag sa loob.

Kapag ang mga kamag-anak o kaibigan ay basta nabanggit na gusto nila ang isang bagay, madalas ay darating si Ron kinabukasan dala ang bagay na iyon—kung kaya ng bulsa niya.

Kapag pumupunta siya sa mga Bible camp tuwing tag-araw, lagi siyang nagdadala ng sobrang mga jacket para sa mga batang nakalimot ng sa kanila. Tuwing malamig sa paligid ng siga sa kampo, ipinamimigay niya ang mga ito—kung minsan ay wala nang natitira para sa sarili niya.

Isang mangangaral mula sa Timog ang pumunta sa Chicago para sa isang lamay.

Noong Hunyo 1968 nasa isang punerarya ako sa Chicago. Namatay ang kapatid kong babae at labis akong nalulungkot. May isang binatang bumiyahe nang labinlimang milya para dalawin ako. Isa siyang Cristiano at tunay na nakaaliw sa akin. Talagang tumagos sa puso ko nang abutan niya ako ng dalawampung dolyar "para matulungan akong makauwi." Ang pangalan niya ay Ron Gross. May nagsabi, "Hindi ang haba ng buhay ang mahalaga, kundi ang ibinigay." Marami ang ibinigay ni Ron sa maikling panahon ng kanyang buhay.

Iilan lang ang nakaaalam kung gaano siya kabukas-palad—na tumulong siyang bumili ng kotse para sa isang manggagawang papunta sa Mexico—na taun-taon ay binabayaran niya ang gastos ng mga bata sa kampo—na nang maglaon ay pinag-aral niya sa Bible School ang isang kaibigan gamit ang perang itinabi niya para sa sarili niyang biyahe sa Nigeria.

Pero malalim ang epekto ng kanyang buhay sa iba. Noong Setyembre 5, 1965, isang binatang mga sampung taon ang tanda kay Ron ang naglaan ng oras para sumulat sa kanya:

Salamat sa iyong pakikipagkaibigan. Ang iyong katapatan at integridad, ang iyong buong-buong pagtatalaga, ang iyong tunay na malasakit at pag-ibig sa iba—at ang medyo pangahas mong tapang—dahil sa mga ito, nagpapasalamat ako na nakilala kita.

Kinakapos ako ng salita kapag sinusubukan kong ilarawan ang maaaring ibunga ng mga pasyang ginawa ko ngayong tag-araw. Ang ilan sa pinakapangunahing pananaw ko tungkol sa buhay ay nabago na—ang iba ay lubusang naiba. Ikaw ang nakatayo sa pintuan ng ilan sa mahahalagang pasyang ito; ikaw na, sa pamamagitan mismo ng iyong determinasyon, ang nagpalakas ng loob at nag-udyok sa akin na gawin ang mga ito. Nasunog na ang mga tulay, naharangan na ang mga posibleng daan pabalik—tiyak na hindi dahil sa iyo lamang: kundi dahil sa unang pagkakataon sa napakahabang panahon ay nakakilala ako ng isang taong may lakas ng loob na magsabi ng "hindi" sa mga utos ng mundo at "oo" sa napakabigat na mga hinihingi ng Krus. Muli, hindi ikaw, kundi si Cristo na nasa iyo.

Nawa'y akayin pa tayo ng ating Panginoon nang mas malalim sa karanasan ng pagkapako sa krus; nawa'y ang ating kalooban, damdamin, emosyon at isip ay maipako sa Krus at muling buhayin, mabago ayon sa larawan ni Cristo. Nawa'y ang lahat ng nasa atin ay magkaisa sa kaluwalhatian ng Anak ng Diyos; nawa'y makita pa natin ang Kanyang papel bilang lingkod na natutupad sa sarili nating buhay sa mundong ito. Ron, pagpalain ka nawa ng ating Diyos ng lubos na kagalakan at kapayapaan at ng nag-aapoy na apoy ng Espiritu Santo.

Sa isang buhay na tinatakan ng kabaitan, pagtatalaga, hindi pagkamakasarili at sakripisyo, may lugar pa rin para sa biro at saya. Ang kanyang punto ng taga-Timog, ang nakatagilid niyang ulo at nakangiting mga mata—at kadalasan ay seryosong mukha—ang lalong nagpasaya sa kanyang mga biro. Mahilig siyang manukso sa paraang ikinatutuwa ng mga tao ang bawat sandali ng atensyong ibinibigay niya sa kanila. Walang ligtas sa kanyang mga biro, kahit ang sarili niyang ama. Sa ilalim ng larawan ng kanyang kagalang-galang na tatay, idinikit niya ang pamagat ng aklat ni Betty Elliot na THE SAVAGE MY KINSMAN ("Ang Ganid na Aking Kamag-anak"). Nakagugulat lang ito sa mga hindi nakaaalam kung gaano kaganda ang samahan ng mag-amang ito. Siyanga pala, ang larawang may caption ay isa na ngayon sa pinakaiingatang alaala ng mga magulang.

Naantala ang pag-aaral ni Ron sa Emmaus dahil sa isang mahabang panahon ng paghihirap ng katawan at damdamin. Pagsapit ng 1964, magaling na siya para makabalik at tapusin ang kanyang kurso.

Pagkatapos magtapos, nagtrabaho siya sa isang printing company at pagkatapos ay sa isang kompanya ng mga

business machine. Napansin ng mga katrabaho niya na hindi siya nakikipag-agawan paakyat sa hagdan ng tagumpay gaya ng iba. Sinita siya ng isa sa kanila, "Ano bang problema mo—wala ka bang ambisyong umasenso sa negosyo?"

Sumagot siya, "Ano ba ang halaga kung magkaroon ka ng malaking trabaho at maraming materyal na bagay? May mga ambisyon ako—pero hindi ang umasenso sa negosyo."

Sa panahong ito, ginamit niya ang lahat ng bakanteng oras niya sa paggawa ng mga handicraft para sa mga summer camp, sa pagpapayo sa mga tao sa lahat ng edad, at sa paglilingkod sa mga kabataan sa Overbrook Gospel Chapel sa Greenville. Noong Nobyembre 1968, itinagubilin ng lokal na asembleyang ito si Ron upang ilaan ang buong panahon niya sa paglilingkod Cristiano.

Mahirap sabihin kung kailan unang napukaw ng Nigeria ang kanyang pansin. Nagsimula siyang makipagsulatan kay Herb Rohmann na pumunta sa Iyale noong 1964. Nakilala ni Ron si Herb noong nag-aaral ito sa Bob Jones University at nang maglaon nang nasa Emmaus ito.

Pagsapit ng 1970, malinaw na ang patnubay sa kanya kaya nag-apply siya ng visa. May isang kaibigang may mabuting hangarin ang sumubok na pigilan siya.

"Huwag kang umalis. Maraming puwedeng gawin dito."

"Nararamdaman kong talagang inaakay ako ng Panginoon na pumunta."

"Pero baka may mangyari sa iyo at hindi ka na namin makita kailanman."

"Bawat isa sa atin ay isang pulong napalilibutan ng dagat ng pag-ibig ng Diyos, at walang anumang

mangyayari sa atin nang hindi muna dumaraan sa dagat ng pag-ibig ng Diyos."

Ang kaibigan ding ito, nang harapin ang katotohanang binawi na ang buhay ni Ron, ay sumulat nang may pagpapasakop sa kalooban ng Diyos. "Hindi Aksidente, kundi Kaayusan" ang pamagat ng artikulo. Ganito ang isang bahagi nito: "Bagama't tila nakagugulat at 'wala sa panahon' ang kanyang kamatayan, naniniwala kami (ang mga kasapi ng grupo ng mga Kabataan) na ito ay . . . hindi aksidente; kundi isang kaayusan. Natapos na ang layunin ni Ron sa lupa, kaya ang Diyos, dahil sa Kanyang pag-ibig na hindi masusuklian at sa Kanyang karunungan, ay nagtakda ng panahon para iuwi ang Kanyang anak na sumasampalataya. Kaya ito ay isang ganap na kaayusan ng panahon, pangyayari at lugar.

"Bagama't hindi na namin makakasama si Ron dito sa lupa, patuloy pa rin siyang nagsasalita. Ang mga katotohanang ibinigay ng Diyos na itinuro niya sa amin ay mananatiling buhay sa aming isip. Pero ayaw naming doon lang ito matapos. Kaming mga kabataang nagkaroon ng di-masukat na pribilehiyong makilala ang ganoon katapat na lingkod ay nagnanais na ilipat ang mga katotohanang ito tungkol sa Panginoong Jesucristo mula sa aming isip patungo sa aming puso."

Nang halos dalawang taon na ang lumipas nang walang aksyon sa kanyang aplikasyon para sa visa, natural lang na may mga tanong kung talagang nais ng Diyos na pumunta siya. Pero sa wakas, noong Hulyo '70, naaprubahan ang visa at kinailangang nasa Nigeria si Ron nang hindi lalampas sa Oktubre 20.

Sa kaabalahan ng magulong mga araw na ito ay nadagdag pa ang isang nakadudurog na kalungkutan

tungkol sa inaasahan ni Ron na magiging panghabambuhay na pagsasama. Makikita ang malalim niyang damdamin ng masakit na kalituhan sa mga mabilisang sulat na ito:

Ang tahimik na mga pader na ito ay mga desperadong pader. Walang tigil silang lumalapit para durugin ang kanilang biktima at gawin akong isa na lang na nakaraan. Palipat-lipat ang mga mata ko para mahuli sila sa kanilang nakapangingilabot na pagmartsa. Sa husay at liksi, lagi silang nakatigil kapag tinitingnan ko. Parang tumatawa sila na para bang sinasabi, "Nagpupumilit kang tumakas sa iisang Tanging gustong makasama ka." Gaya ng bugbog na si Ronnie na nakaipit ang buntot sa pagitan ng kanyang mga paa, ibinabagsak ko ang sarili ko sa kama, iisang isip ang nasa harap ko, "Kahit walang nangangailangan sa akin, mahal ako ni Jesus."

Pero higit sa kanyang personal na dalamhati ay ang nag-aapoy na hangaring maging tunay na mga alagad ng Panginoong Jesus ang mga tao sa Nigeria. Isa sa mga huling sinabi niya bago umalis papuntang Africa ay, "Ibibigay ko ang buhay ko kung mapapakita ko lang sa mga taong ito ang halaga ng pagtatalaga ng kanilang buhay sa Panginoon."

Ang aking talaarawan ay dibdib ng isang katutubo
Kung saan namumuo ang mga unos at nananahan ang mga anino
Nang walang kahit isang sinag ng liwanag.
Ang isulat doon ang pangalan ni Jesus,
Ang makitang yumuko sa panalangin ang katutubong iyon,

Ang ituro siya sa mga daigdig na mas maganda,
Ito ang kagalakan ng aking kaluluwa.

Nang dumating si Ron sa Lagos noong Oktubre 19, wala pang $60.00 ang dala niya. Sinalubong siya ayon sa plano nina Dr. Dick, Joan Rycroft at ng Nigerian na si G. Balogun. Sumama si Joan para kunin ang ilan sa sarili niyang bagahe na naiwan sa Lagos dahil siksikan ang mini bus noon.

Nanatili sila sa Lagos hanggang ika-24, namimili ng mga kailangan at inaasikaso ang iba pang gawain para sa misyon. Pagkatapos, madaling-araw, umalis sila papuntang Iyale. Matapos bumiyahe nang mga 125 milya, dumating sila sa isang tuwid na bahagi ng daan. Pero biglang lumiko ang daan sa ibabaw ng isang tulay sa Ilog Oni. Walang karatulang nagsasabing may liko o tulay. Mga alas-4:30 o alas-5:00 iyon ng madaling-araw. Umuulan noon, at umapaw ang ilog. Nahulog ang sasakyan sa gilid ng tulay, bumagsak nang 15 hanggang 25 talampakan sa ilog, at bumaligtad.

Nang hindi bumalik si Dr. Dick sa Iyale pagsapit ng ika-25 para sa isang nakatakdang pangangaral, nadismaya ang mga kasamahan niya pero hindi nagulat. Hindi naman bago na mawala siya nang dalawa o tatlong linggo. Tutal, puwedeng magkaproblema sa pagkuha ng residence permit, sa paghahanap ng bagahe o sa pagpapaayos ng sasakyan. Kaya walang nabahala.

Lumipas pa ang isang linggo nang walang balita. Pero, mahina naman talaga ang komunikasyon. Baka nagpadala siya ng mensahe na hindi lang nakarating. Bilang pag-iingat, nagpasya silang mag-radyo sa Lagos mula sa lagarian na 25 milya mula sa Iyale.

Kinabukasan, dumating ang sagot na umalis si Dr. Dick sa Lagos noong umaga ng ika-24.

Agad na inalerto ang mga istasyon ng pulis sa malamang na dinaanan nila. Noong Huwebes, Nobyembre 5, umalis ang isang search party mula Iyale papuntang Lagos—si Spencer Dibble mula sa Ika, si Joy Ann Fisher, si Abu John na punong dispenser sa ospital, at dalawang batang lalaki na magdadala ng mga balita pabalik. Sa panahong ito, nakontak na ng Sudan Interior Mission ang lahat ng mga istasyon nito at pumasok na rin sa kaso ang Central Intelligence Division ng pamahalaan.

Sa wakas, noong Nobyembre 8, naakay ang mga misyonero na kontakin ang istasyon ng pulis sa Ijebu Ode. May tala roon ang mga pulis tungkol sa isang VW bus sa Ilog Oni; sinubukan nilang hilahin ito noong nakaraang araw pero hindi nila nagawa.

Nagmadali ang mga misyonero sa lugar at agad nilang nakilala na iyon ang van ni Dr. Dick. Di nagtagal, inilabas ang mga bangkay at hinila ang van.

Mabilis na inihanda ang libing ng tatlong misyonero sa maliit na sementeryo sa Ijebu Ode. Binasa ni Spencer Dibble ang 2 Corinthians 5:1-9 at mga bahagi ng 1 Corinthians 15, nagtapos sa awit ng tagumpay sa mga talatang 55-57. Ipinaliwanag niya ang pag-asang Cristiano sa mga lalaking nakatayo roon na tumulong sa paghuhukay ng mga libingan. Pagkatapos, isang Cristianong Nigerian ang nagsalita sa iilang Yoruba na maaaring hindi nakaintindi ng mensahe sa Ingles.

Idinaos ang mga serbisyo ng paggunita para kay Ron sa Greenville, South Carolina, noong ika-15 ng Nobyembre. Mahigit 600 katao ang umapaw sa auditorium.

Nagsimulang bumuhos ang mga kard at sulat sa pamilya. Isinulat ng isang babae, "Napakatayog at napakatatag niyang tumayo at talagang nakapagbibigay-inspirasyon na pakinggan siya."

Sabi naman ng isa pa, "Gamitin nawa siya ng Diyos para ipahiya tayo at gisingin tayo mula sa ating pagkakampante at pagpapalayaw sa sarili."

At may isa pang nagpahayag ng pag-asa na "ang kanyang libingan doon sa Africa ay maging tahimik na saksi sa pag-ibig ng isang puting lalaki sa kanyang kapwang itim—isang pag-ibig na inilagay sa kanyang puso ng ating Panginoong Jesucristo."

Ang Pasko sa tahanan ng mga Gross ay panahon ng kalungkutan, pero ng espirituwal na pagpapayaman din. Isinulat ni Gng. Gross sa isang kaibigan:

Mahirap ang nakaraang mga araw, pero tinulungan kami nitong muling suriin ang mga bagay-bagay. Naipaalala sa amin ang matinding pagkakaiba ng mga bagay na nakikita at ng mga bagay na hindi nakikita, ng lumilipas at ng nananatili, ng aming magaang kapighatian at ng walang hanggang bigat ng kaluwalhatian. Kaya nagpapasalamat kami sa Panginoon sa Kanyang pagdidisiplina sa Kanyang anak. Tiningnan namin ang mga palamuting Pamasko sa paligid namin, at nawala na ang kinang at pang-akit nito sa liwanag ng walang hanggan. Ngayon ay nahaharap kami sa kaiklian ng panahon, at ang mga materyal na bagay ay tila kasing-walang-gana gaya ng pagkain sa taong sobrang busog. Ipinapanalangin namin na hindi mawala ang damdaming ito habang humuhupa ang sariwang sakit ng aming pagkawala. . . . Isipin mo—talagang "nasa tahanan" ang

aming si Ron ngayong Pasko kasama ang kanyang Tagapagligtas.

Ngayon pa lang ay nagsisimula nang masagot ang paulit-ulit na BAKIT na kumalat sa Nigeria, Canada at Estados Unidos. May mga kabataang nagtiwala na sa Tagapagligtas! May ilang nagtalaga ng kanilang buhay sa Panginoon. May ilang nangakong maglingkod sa Nigeria. Sino ang nakaaalam kung saan hahantong ang pagpapala?

Patuloy pa ring kumikilos ang di-nagbabagong prinsipyo ng Diyos ng espirituwal na pag-aani: "Malibang ang isang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay nananatiling nagiisa; datapuwa't kung mamatay, ay magbubunga ng marami."

Walang pakinabang kundi sa pagkawala,
Hindi ka makapagliligtas kundi sa krus:
Ang butil ng trigo, upang dumami,
Ay dapat mahulog sa lupa at mamatay.

>

Saanman makakita ka ng hinog na bukid,
Na iwinawagayway sa Diyos ang kanilang gintong bigkis,
Tiyak na may butil ng trigong namatay doon,
May kaluluwang doo'y napako sa krus—
May nakipagbuno, umiyak at nanalangin
At lumaban sa mga hukbo ng Impiyerno nang hindi natatakot.

>

—William MacDonald